## *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 60*

*Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Sardis Yugto 5*

***‘‘1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel.6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:1-6)***

Si Jesus sa talata 3, sinabi sa simbahan ‘‘***Alalahanin’’***, ***“3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.” (Pahayag 3:3)*** Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang pag-aralan at siyasatin ang Kasulatan kung saan ay pinapaalalahanan tayo ng ating narinig at tinanggap, at kung ano ang sinabi ng Dios sa atin sa Kanyang Salita at kung anong nais Niya na gawin natin para sa Kanya.

***“Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan.” (Lucas 16:25)*** Ito ang sinabi ni Abraham sa mayamang lalaki nang siya ay nasa impierno, at ito ay mula sa salaysay tungkol sa sinabi ni Jesus sa mayamang lalaki at kay Lazaro. *Maging maingat na hindi mahuli upang alalahanin. Wala nang pagkakataon para sa pagsisisi sa impierno. Kapag ikaw ay naroroon na, wala nang pag-asa para sa iyo upang bumalik sa buhay.*

Ating basahin ang buong salaysay: ***“19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana:20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat. 22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing. 23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito. 25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. 26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. 27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. 29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay.” (Lucas 16:19-31)***

***Alalahanin na ang kahirapan ay maaring maging isang mabuting bagay: “20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat.” (Lucas 16:20-21)*** Ang pulubing lalaki sa salaysay, nang siya ay nagtiis sa kalagayan na inilagay sa kanya ng Dios, ito ay pinatunayan na siya ay wakas ay nasa sinapupunan ni Abraham. Ang kahirapan ay maaring ilagay ang isang tao sa isang mabuting kapaligiran at pagbawalan siya mula sa pagkakasala laban sa Dios. *Ang kahirapan ay kawalan ng ilang mga bagay na hindi ipinahintulot ng Dios sa iyo na makamit ay maaring maging isang protektsyon na bagay sa iyong buhay kung sinanay mo ang iyong sarili na matakot sa Dios at lumakad sa Kanyang mga landas.* Minsan ang materyal na pagpapala ay maaring magtulak sa tao na magkasala laban sa Dios. *Ang kahirapan ay isang mabuting bagay para sa iyo kung hindi ka pa handang panatilihin ang iyong pangako sa Dios kapag pinagpapala ka Niya*. Kaya’t ang kahirapan

ay maaring isang ligtas na gabay para sa iba upang huwag magkasala laban sa Dios. Hindi sa ilang pagkakataon, kundi kadalasan ang mga tao'y nagsisimula magkasala pagkatapos nilang matanggap ang materyal na mga pagpapala mula sa Dios. Karaniwan kong tinatanong ang mga dukha. Pumupunta ba kayo sa restawrant, bumibili ba kayo ng mga bagong damit, bumibili ba kayo ng ginto? Sila'y tumugon. Hindi. Pagkatapos aking tinanong, Bakit? Sila'y sumagot, Wala kaming pera. Pagkatapos sinabi ko sa kanila kung bibigyan siya ng Dios ng pera ilalaan mo ba ito sa gayong mga bagay, sinabi nila, Oo. Ako'y tumugon sa kanila, gumagawa ng mabuting bagay ang Dios kapag Kanyang pinipigilan ang Kanyang mga pagpapala mula sa iyo. Huwag ilagay sa iyong isip na ang kahirapan ay isang hadlang para sa iyo upang mabuhay para sa Dios, upang maglingkod sa Dios, o maging epektibo sa iyong buhay.

***2. Alalahanin ang karamdaman, kapansanan sa katawan, at pagtanggi ay hindi hadlang para maglingkod sa Dios, ngunit makatutulong ito sa ating paglalakbay sa kaligtasan tungo sa kawalang-hanggan:*** Ang karamdaman at kapansanan ng pulubing lalaking ito ay kumilos para sa kabutihan para sa kanyang kawalang hanggan sapagkat siya'y nagpatuloy na naglingkod sa Dios hanggang sa kamatayan. Batid natin na kung hindi siya naglingkod sa Dios, hindi siya makakaabot sa sinapupunan ni Abraham. Siya ay puno ng mga sugat at hinihimuran ng mga aso ang kanyang mga sugat. Ang kanyang karamdaman ay inilagay siya sa patuloy na pagdurusa, ngunit tila siya'y desidido na panatilihin ang kanyang buhay na malinis sa harap ng Dios, at patuloy na mabuhay sa pag-asa sa mga pangako ng Salita ng Dios, ng Kanyang kabutihan, ng Kanyang awa at ng Kanyang katapatan; Naabot niya rin ang sinapupunan ni Abraham, sa Langit, bilang isang walang hanggang tahanan para sa kanya. *Ang mga karamdaman at ilang kapasanan sa katawan ay hindi hadlang para sa kaligtasan at pamumuhay para sa Dios at paglilingkod sa Kanya. Ang pagtitiiis sa karamdaman at pagdurusa at kagustuhang manatili sa makipot na daan at sa pintuan ng Dios ay matatag at ligtas na daan para sa atin upang mabuhay sa Dios at manahin ang walang hanggang buhay.*

*Alalahanin na kung ikaw ay dukha, may karamdaman, walang kakayahan o tinanggihan ay hindi isang dahilan para sa iyo upang hindi makapaglingkod sa Dios at hindi isapamuhay ang iyong buhay para sa Kanya.*

***3. Alalahanin ang pulubing lalaki ay hindi nagkasala laban sa Dios sa pamamagitan ng pagsisikap na baguhin ang kalagayan kung saan siya inilagay:*** Ang pulubing lalaki ay hindi sinubukang magnakaw mula sa mayamang lalaki. Pagmasdan din, na hindi siya nanaghili sa kayamanan ng lalaking mayaman. Hinangad niya lamang na mapakain sa mumo na mahuhulog mula sa dulang ng mayamang lalaki. Ang kanyang mithiin ay malamnan ang kanyang tiyan ng pagkain at upang maginhawaan ang kanyang gutom. Pagmasdan din na hindi niya itinakda ang kanyang puso upang lamnan ang kanyang tiyan ng masasarap na pagkain na nasa dulang ng mayamang lalaki. Hindi siya nanaghili sa kanyang masasarap na pagkain, sa mabuting kalusugan ng mayamang lalaki, o sa kanyang pananamit. Pagnilayan ang mensahe ngayon sa iyong buhay at tingnan kung nasaan ka ngayon mula sa isinalarawan na ipinapahayag ng Salita ng Dios sa atin mula sa talata ng Kasulatan? *Maraming mga tao ang nahuhulog sa mga utang dahil sa kanilang paghahangad na kumain ng maayos na pagkain, pagkain sa restawrant, paglalakbay, pagsusuot ng mamahaling damit, alahas, gamit atbp. Marami ang gumagawa ng ganoon dahil sila ay naninibugho at nanaghili sa iba*. Ang pulubing lalaki ay hindi nanalangain at naghangad sa Dios na ipadala siya sa ibang tao o sa ibang lugar, iniakma niya ang kanyang sarili sa kapaligiran na siya ay naroroon. Ang pulubing lalaking ay tinanggihan na pumasok sa bahay ng mayamang lalaki ngunit tiniis niya iyon at nanatili sa kanyang lugar, sa pintuan, kung saan siya inilagay ng Dios.

***4. Alalahanin na ang pulubing lalaki ay nagmamakaawa dahil siya ay nagdurusa sa mga sugat sa buo niyang katawan, hindi dahil siya ay tamad o ayaw niyang magtrabaho:*** Kaya dito mapapagmasdan natin na ang pulubing lalakig ay nagmamakaawa dahil hindi siya tamad ngunit dahil siya ay may karamdaman at hindi kayang magtrabaho, o hindi siya tinatanggap sa trabaho. *Maraming tao ang nagmamalimos dahil sila ay tamad, at sila'y hindi nagmamalimos ng pagkain, kundi para sa materyal na mga bagay. Maging sa mga naghihingi ng pagkain, sila'y hindi naghihingi ng payak na pagkain ngunit para sa isang masarap at mamahalin. Ayon sa ating binasa sa salaysay na ito ni Jesus, marami sa nagmakaawa sila'y walang karapatan na gawin iyon, ngunit kailangan nilang pumunta at magtrabaho.*

***5. Alalahanin na ang kamatayan o ang pagparito ni Cristo ay habag ng Dios sa mga nagtakda ng kanilang mga puso sa paglakad sa Kanyang mga landas: "22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing." (Lucas 16:22)*** Kapag ating isinabuhay ang ating buhay sa Dios, at handang tanggapin ang paghihirap at ang istilo ng buhay na itinalaga ng Dios sa atin, sa gayon ang kamatayan o pagparito ni Cristo ay ang daan na tayo'y isinasalin sa Langit. Si Cristo ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay, at sa pagsisisi at pagsunod sa Kanya sa ating buhay sa gayo'y tayo mapapasa Kanya sa Langit kapag Siya ay dumating. Ang kamatayang ng pulubi ay ang kanyang kaaliwan. *Tayo din habang ating ginagawang posible ang ating kaligtasan, at inihahanda ang ating sarili para sa pangalawang pagparito ng Panginoon, patuloy tayong nanalangin, Dumating ka Panginoong Jesus!* Bakit ang mga tao'y hindi nanalangin, 'Dumating ka Panginoong Jesus'? Dahil sila'y naghihinaty ng ibang mga bagay na mangyari, sila'y naghihintay sa COVID 19 na mawala upang magawa nila ang kanilang kagustuhan, sila'y nagihintay na bumili ng bagong sasakyan,

bahay, upang makahanap ng bagong katipang lalaki, sila'y naghihintay na pumunta sa bakasyon, sila'y naghihintay na maipagdiwang kanilang kaarawan, atbp. Kaya naman hindi nila itinutuon ang kanilang mga sarili sa pangalawang pagparito ni Cristo.

***6. Alalahanin kapag ikaw ay naglalaan nang marangya sa ating pagkain, damit at sa ibang mamahaling mga bagay sa gayon ikaw ay nagkakasala laban sa Panginoon:*** Ang mayamang lalaki ay isinalarawan ni Jesus na siya nabibihisan ng maayos na damit at siya ay naglaan nang marangya sa kayang sarili sa pang-araw-araw ng kanyang buhay. ***"19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana:" (Lucas 16:19)*** Ang karangyaan, ay naangangahulugang marangya, mapagsayang o marangya. Hindi siya nasisiyahan sa pagbili ng pangkaraniwang bagay upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan, ngunit bumibili siya ng mamahalin, kulay ube, at pinong lino, at mga may tatak na bagay upang ilagay sa kanyang dulang. Kahit na mayroon tayo, hindi ibig sabihin mayroon na tayong karapatan na gastusin ito sa ganoong mga bagay at sa gayong paraan. Maraming tao sila'y naglalaan ng higit sa kanilang mga damit at sa pagkain na kanilang kinakain. Sila'y nagbabayad ng higit para sa lamang sa lasa ng pagkain. Sila'y naglalaan ng higit para lamang sa pangalan. *Maging maingat, ang salapi na mayroon ka ay hindi sa iyong salapi, kundi ito ay sa Dios. Ang pagsasayang ay kasalanan ng alibughang anak na nagsayang ng salapi ng kanyang ama sa magulong pamumuhay.* Ang mayamang lalaki ay nakatanggap ng mabubuting bagay habang siya ay nasa lupa. Ginamit niya ang kanyang mga kayamanan upang pasarapin ang kanyang katawan at upang ipagmalaki ang kanyang mga kayamanan sa paraan ng kanyang paggastos. ***"3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo." (Pahayag 3:3)*** Alalahanin ang lahat ng mabubuting bagay na iyong tinanggap at suriin ang iyong sarili kung ikaw ay naging mabuting katiwala para sa lahat ng mapagkukunan na ito. Si Abraham gaya ng binasa natin sa salaysay ay sinabi sa kanya ang sumusunod: ***"25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan." (Lucas 16:25)*** Sinabi sa kanya ni Abraham na natanggap niya ang mabubuting bagay sa buhay. Ngayon ang mensahe sa atin ngayon ay ganito: *Kung ikaw ay nagtatrabaho sa ganitong direksyon, upang tanggapin lamang ang mabubuting bagay sa buhay na ito, ang mabubuting bagay ng pagkain, damit, sapatos at ibang marangyang bagay, nang walang pagdidisiplina sa iyong sarili at hindi pagsunod sa istilo ng buhay na nais ng Dios na sundin mo, kung gayon ikaw lamang ay nagtatrabaho upang masiyahan ang iyong kasiyahan at ang iyong laman, at hindi ang iyong isip ang istilo ng buhay na nais ng Dios na isapamuhay mo.*

***7. Alalahanin kung wala kang pagmamalasakit sa mga pangangailangan at sa mga kapighatian ng iba, kung gayon hindi mo ginagawa ang mabuti na dapat mong gawin, at sa ganitong paraan ikaw ay nagkakasala:*** Ang mayamang lalaki ay walang pakialam sa pulubing may sakit, miserable, at nagmamakaawa na pakainin ang sarili. Wala nman tayong mababasa na may ginawa ang mayamang lalaki para tulungan at paginhawain ang pulubing may karamdaman. Nakatira siya sa pintuan ng mayamang lalaki ngunit hindi siya nabuhayan ng loob nito. *Samakatuuwid, kapag inilapit ng Dios ang mga dukha sa ating pintuan, may pananagutan tayong tulungan sila.*

***8. Alalahanin na tinawag ka ng Dios upang tulungan ang mga dukha na inilagay sa tabi mo:*** *Pagmasdan na tinawag tayo ng Dios upang tumulong. Hindi tayo tinawag ng Dios upang suportahan ang mga mahihirap na mga tao na hindi natin nakikita. Hindi tayo tinawag ng Dios upang pakainin at suportahan ang mga taong kayang pakainin ang kanilang sarili. Tinawag tayo ng Panginoon upang suportahn ang kailangan ng mga taong walang kakayahan at imposible sa kanila na matugunan ang kanilang pangangailangan*. Halimbawa ang pulubing lalaking ito ay may sakit at nahihirapan sa kanyang karamdaman at hindi makapagtrabaho at pakainin ang kanyang sarili. Inilagay ng Dios ang pulubing lalaking iyon sa pintuan ng mayamang lalaki upang matulungan niya siya sa mga kinakailangang bagay. Maging may kamalayan din tayo na may ilang lalapit na may ilang mga salaysay at hihingi ng tulong, ngunit kakaunti lamang nag tapat at nararapat na tulungan dahil dapat sila'y nasa kalagayang katulad nang pulubing ito sa salaysay ni Jesus.

***9. Alalahanin na ang kamatayan o ang pangalawang pagparito ni Cristo ay ang kaparusahan ng masama: "ang mayamang lalaki din ay namatay, at inilibing; 23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan.24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito." (Lucas 16:23-24)*** Ang mayamang lalaki ay mahilig sa materyal, sakim, makasarili at may malasakit lamang upang pasiyahin ang kanyang sariling kasiyahan. Siya ay hindi naawa sa pulubing dukha na may sakit at hindi kayang pakainin ang kanyang sarili. Ang kamatayan ay dumating sa kanya bilang isang paghatol, isang biglang bagay at nagtatapos sa kanyang walang kabuluhang buhay ng kasiyahan.

***10. Alalahanin na ang Impierno ay totoo, at ang pagdurusa sa impierno ay totoo. "23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito." (Lucas 16:23-24)*** Ang langit at impierno ay totoo. Marami sinasabi nila, Pakiusap huwag mong sabihin sa mga makasalanan ang tungkol sa impierno, ngunit si Jesus sa Bagong Tipan ay malinaw na ipinangaral ang tungkol sa impierno. Kaya't ang mga makasalanan ay kailangang magsisi upang hindi sila pumaroon. *Kung gayon kapag tayo'y nagpapahayag din ng ebanghelyo kailangang malinaw nating sabihin ang tungkol sa impierno at babalaan ang mga makasalanan, upang tayo ay maging malaya mula sa kanilang dugo.* Ano ang impierno? Apoy, paghihirap at isang malaking banging na nakalagay sa mga makakaparoon ay hindi makakabalik.

***11. Alalahanin na pagkatapos ng kamatayan ay may paghatol at ang tadhana ay hindi mababago o mababaligtad: "26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin." (Lucas 16:26)*** Wala nang pagkakataon para magsisi pagkatapos ng kamatayan. Kaya naman kailangan nating ipangaral ang ebanghelyo at babalaan ang mga makasalanan na magsisisi dahil pagkatapos ng kamatayan hindi natin maipapanalangin na ang kanilang kapalaran ay mababago. Ang Katolikong mga Cristiano ay nanalangin para sa patay upang pumunta sa Langit. Ito ay hindi mangyayari. Kapag ang isang tao ay namatay siya ay haharap sa paghatol.

***12. Alalahanin na ang masamang halimbawa na ating ipinamuhay ay maaring maaring humantong sa iba sa maling direksyon at mawala nang walang kaligtasan:*** Ang mayamang lalaki ay nagmaakaawa kay Abraham na ipadala si Lazarus sa bahay ng kanyang sangbahayan upang balaan ang kanyang limang kapatid na lalaki, na magsisi, upang hindi sila pumaroon, ***''27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama ; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. (Lucas 16:27-28)*** Ang masamang halimbawa na ipinamuhay ng lalaking ito ay nagligaw sa kanyang limang kapatid na lalaki. Ang kanyang kasalanan at pagpapakasarap sa materyal na mga bagay na tinanggap niya mula sa Dios. Kahit na siya ay hindi nagnakaw; kahit na hindi niya kinuha ang kanyang pera sa pagnanakaw, ito ay kasalalan pa rin dahil inilaan niya ito sa paraan na hindi nakalulugod sa Dios, sapagkat siya namuhay lamang upang pasiyahin ang kanyang sarili at kasiyahan. *Na hindi ayon sa Kasulatan na ang istilo ng pamumuhay ay mapapansin ng iba, at maaring gayahin at sundan at mawawala sila dahil mas inaalala nila ang kanilang sarili kaysa sa nga bagay ng Dios. Ilagay sa iyong isip na kung anong mayroon ka ay para sa Dios at kailangan mong mabuhay sa istilo na nais ng Dios na ipamuhay mo at hindi sa istilo na gusto mo.*

Ang mayamang lalaking ito ay nais ipadala si Lazarus sa kanyang pamilya upang sila'y hindi pumaroon sa impierno. Si Lazarus ay noon ay isang mabuting mangangaral ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng kanyang kagustuhang magtiis sa pagdurusa at pagtanggi, at pagpapanatili ng kanyang istilo ng buhay na nais ng Dios sa kanya upang ipamuhay. Ipinapahayag ng Dios ang ebanghelyo sa mayamang lalaking iyon sa pamamagitan ng buhay ni Lazarus. Ang Dios sa parehong paraan ay ipinapahayag ang ebanghelyo sa pamamagitan ng istilo ng iyong buhay na ipinamumuhay mo para sa Dios.

***13. Alalahanin na ang pagpapakasakit ay hindi isang pagpipilian para sa buhay ng Cristiano kundi ito ay sapilitan:*** *Ang pagpapakasakit ay hindi lamang para sa dukha o sa may karamdaman o sa mga taong walang kakayahan, kundi ang pagpapakasakit ay itinalaga para sa mayaman at sa mga nakakaangat na mga tao. Kung pinagpapala ka ng Dios hindi ibig sabihin na gagastusin mo ang lahat sa iyong sarili at hindi mo itatangi ang iyong sarili. Ang iyong salapi, ang iyong kayamanan at materyal na mga bagay na mayroon ka ay hindi para sa iyo kundi para sa Dios at kailangan mong pamahalaan ito sa paraan na nais ng Dios na mangyari.* Samakatuwid, ***"3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. (Pahayag 3:3)***

***14. Alalahanin na ang Kasulatan ay itinalaga ng Dios para sa atin upang maituro sa paraan ng Dios: "29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." (Lucas 16:19-31)*** Kailangan nating dumaan sa Kasulatan (Ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan) at isalapat ang mga ito sa ating buhay at sa ating pakikipag-ugnayan at pakikipagusap sa mga taong nakapalibot sa atin. Si Jesus ay namatay at nabuhay mula sa krus, at ang sa pamamagitan ng Kanyang dugo tayo ay naligtas. Si Jesus ay dumating upang tupdin ang Kasulatan, at sinabi***, "16 Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang evangelio ng kaharian ng Dios ay ipinangangaral, at ang bawa't tao ay pumapasok doon na nagpipilit.17 Nguni't lubhang magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa***

***mahulog ang isang kudlit ng kautusan. (Lucas 16:16-17)*** Sa gayon tayo ay mahikayat ng Kanyang Salita at kautusan, at ating siyasatin ang Salita ng Diyos at unawain ang daan ng pagdurusa na itinalaga Niya para sa atin upang ipamuhay.

Maging maingat na huwag mahuli para alalahanin. Wala nang pagkakataon sa impierno upang magsisi. Kapag ikaw ay naroon na sa ilalim ng paghatol, wala nang pag-asa para sa iyo na bumalik sa buhay.

***Sa aking mahal at minamahal: "3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. (Pahayag 3:3)*** Tayo ngayon ay magsisi sa ating mga kasalanan, ipahayag ang mga ito sa Dios, at ating italagang muli ang ating mga paraan sa Dios, at handang tanggapin ang pagdurusa, pagtanggi, at ang istilo ng buhay ng Dios sa atin at iakma ang ating sarili para doon. Tanggapin natin ang gawain na patuloy na ipangaral ang ebanghelyo at patuloy na mabuhay sa mga lugar, kasama ng mga tao at sa mga pangyayari na inilagay sa atin ng Dios upang patuloy na maglingkod sa Kanya. Alalahanin na habang ikaw ay nagtitiis ang Dios ay naririyan para tulungan ka at pangunahan ka sa tamang daan.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagbabala sa akin at naggpaalala sa akin ng iyong paghatol at tungkol sa iyong pagparito at iyon ay kailangan kong maging handa.*

*Panginoom patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan:____________________________________________________________________________. Panginoon ipinapangako ko ang buhay na mabuhay sa istilo ng pamumuhay na nais mong ipamuhay ko para sa iyo. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili naa itakda ng isang mabuting halimbawa sa iba na sa pamamagitan ko ay makilala ka at makita ka; ang daan patungo sa Langit.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita, at nagsisi at handang mabuhay sa pangyayari na itinalaga mo para sa kanila upang ipamuhay sa lupa hanggang ikaw ay pumarito. Panginoon protektahan mo sila panatilihin mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gamitin ang kanilang buhay upang maging isang mabuting halimbawa sa iba, upang ipangaral ang ebanghelio at makaakit sa iba patungo sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang isang simbahan. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang Banal na Espiritu na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon kami'y nanalangain na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal n! Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com